THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 APAT NA CENTENARIAS, KINILALA NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN

VOLUME 2 No. 13 Feb. 06, 2023 - Feb. 12, 2023

# PROVINCEWIDE MASSIVE AND SIMULTANEOUS PLANTING OF BAMBOO AND NATIVE TREES INILUNSAD SA LALAWIGAN

PINANGUNAHAN ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor at kaniyang maybahay Hiyas Govinda Ramos-Dolor katuwang sina Board Member Aleli Casubuan at mga hepe at kawani ng Pamahalaang Panlalawigan, ang paglulunsad ng Provincewide Massive and Simultaneous Planting of Bamboo and Native Trees sa Barangay Tabon-Tabon, Baco noong Pebrero 9.

Layunin ng programa na makapagtanim ng panimulang 10,000 libong puno ng kawayan at native trees sa mga baybayin ng ilog sa buong lalawigan ng Oriental Mindoro na nasasakupan ng river restoration sa mga bayan ng Bongabong, Bansud, Gloria, Pinamalayan, Naujan, Baco at Lungsod ng Calapan.

Ayon kay Governor Bonz, ang pagtatanim ay makakatulong upang maiwasan ang pagtabag ng lupa sa mga baybayin ng ilog.

Kaugnay nito, ipinahayag ng Gobernador ang pagsisimula ng nakalinyang River Restoration project na isa sa mga pangunahing hakbang na isinusulong ng kanyang pamunuan upang matugunan ang matagal nang problema ng pagbaha sa lalawigan. Aniya, isinasaayos lamang ng mga project proponents ang mga kinakailangang requirements na inaasahang matatapos ngayong buwan upang masimulan na ang proyekto ngayong darating na tag-init.

Samantala, kasamang nagtanim ni Governor Bonz at kaniyang maybahay sina Board Member Aleli Casubuan, PG-ENRO Mike Jumig, Kapitana Marietta M. Castillo, at mga opisyales at residente sa Barangay Putican Cabulo.

*"Inaasahan ko na kayo mismo ang magbabantay sa mga punong ito hanggang lumaki upang maipakita natin sa mga mamamayan na yung tree planting ay hindi tree planting lamang, ito ay may kasamang tree growing at tree caring,"* tagubilin ni Governor Bonz sa mga nakilahok sa gawain. *"Sa bawat punong ating itinanim na mabubuhay, inihahanda natin ang magandang kinabukasan nating lahat,"* pahayag pa ng Gobernador.

Ang naturang tree planting activities ay programa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtuwang sa mga River Restoration Project proponents, Independent Power Producer companies at mga residente ng barangay na pinangasiwaan ng Provincial Government – ENRO sa pamumuno ni PG-ENRO Mike Jumig. Nakiisa rin sa naturang gawain ang Local Government of Baco sa pangunguna ni Mayor Allan A. Roldan, DENR, Provincial Environment and Natural Resources Office, Bureau of Fire Protection, Philippine National Police, DPWH at mga opisyales at residente ng barangay Tabon-Tabon, San Andres at Putikan-Cabulo. (PIO Calapan)








THE TAMARAO JOURNAL
TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER
RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF
MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER
JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS
MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN
REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT
THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM









TINGNAN: Sa ngalan ni Governor Bonz Dolor kinilala at pinasalamatan ni Provincial Administrator Dr. Hubbert Christopher A. Dolor ang lahat ng mga nagsama-sama para sa tagumpay na muling makatanggap ng pagkilala at akreditasyon mula sa Department of Health (DOH) ang Pamahalaang Panlalawigan sa mga programang pangkalusugan partikular ang Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH). (PIO Calapan)








For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# APAT NA CENTENARIAS, KINILALA NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN

PERSONAL NA TINUNGO at kinilala ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Governor Bonz Dolor ang apat na centenarian na mula sa bayan ng Victoria, Bansud at Roxas noong February 10, 2023.

Tumanggap ng sertipiko ng pagkilala at tig-iisang daang libong pisong cash incentives sina Gng. Fortuna P. Miguel, Gaudiosa Monterola at Eustaquia D. Asi mula sa bayan ng Victoria at Bansud matapos maitala ang kanilang ika-isang daang taon.

Gayundin, si Gng. Dionesia Lorena ng bayan ng Roxas ay nakatanggap ng 105,000 pesos matapos maabot ang ika-101 niyang kaarawan. Sinaksihan ni LGU Roxas Municipal Mayor, Leo G. Cusi, Sr. ang ginawang pagkilala ni Gov. Bonz kay Gng. Lorena.

Katuwang ni Governor Bonz Dolor sa gawaing ito ang kanyang maybahay, Gng. Hiyas Govinda Dolor, first district board member Alely Casubuan, Provincial Social Welfare and Development Office na kinatawanan ni Ginoong Raymond Mendoza at ang Office of the Senior Citizens Affairs. (PIO Calapan)









# 'LIWASAN NG MAMAMAYAN', NASA 80% NANG TAPOS





TINATAYANG nasa 80% na ang natatapos sa Phase I ng mga pagawain para sa proyektong Liwasan ng Mamamayan na matatagpuan sa tapat ng Kapitolyo sa Brgy. Camilmil, Calapan City.

Kaugnay nito, nag-ocular inspection si Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor sa Liwasan ng Mamamayan noong Pebrero 9 kasama sina 1st District Board Member Alely Casubuan, Provincial Engineer Edylou Tejido, Provincial Tourism Officer Dhon Stepherson Calda, GO Chief of Staff Nette Dalupan at Engr. Larry Suzara ng SANLAHI.

Nakatakda naman itong buksan sa publiko sa Mayo 1 ngayong taon.

Ang Liwasan ng Mamamayan ay isa sa malalaking panturismong proyekto ng Oriental Mindoro na nakapaloob sa programa ng Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority (TIEZA) alinsunod sa Republic Act 11469 kilala sa *"Bayanihan to Heal as One"* Act. Pangunahing layunin nito na matugunan ang pangangailangang maibsan ang naging matinding epekto ng COVID-19 hindi lamang sa industriya ng turismo sa bansa kundi pati na rin ang emosyonal na aspeto ng mga lubhang naapektuhang mamamayan.

Matatagpuan sa 5,000 metro kwadradong lupa ng Liwasan ang magiging kauna-unahang World Class Dancing Fountain Park sa rehiyong MIMAROPA na nagkakahalaga ng P70M. Isa na naman itong malaking proyekto sa ilalim ng administrasyong Dolor na maipapatayo na hindi manggagaling ang pondo sa Pamahalaang Panlalawigan kundi nagmula sa koordinasyon ng tanggapan ni Senador Sonny Angara sa TIEZA.

Sa Liwasan ng Mamamayan, bukod sa waterpark na may musical dancing fountain, may pedestal, entablado para sa mga pagtatanghal at lugar para sa mga manonood. Gagawan ng magandang landscaping ang buong lugar upang maging kaaya-aya sa mga pupunta at maaaring gawing picnic area ng pamilyang nais mag-relax. Magkakaroon ng iba't ibang palabas tuwing Byernes at Sabado ng gabi na handog ng Pamahalaang Panlalawigan.

Lalagyan din ng perimeter fence na may makukulay na mural painting sa pagitan ng parke at mga kalapit na kabahayan. Nailipat na ang kasalukuyang daan, na nasa gilid ng dating tanggapan ng Provincial Agriculturist doon naman sa gilid ng Oriental Mindoro Public School Teachers Association Building (OMPSTA) na umabot sa apat na metro ang lapad. Walang ilalagay na bakod sa harapan dahil bukas ito para sa lahat nang nais pumunta rito.

*"Maliban sa magsisilbi itong tourist attraction sa syudad ng Calapan, hangad nang inyong lingkod na makapagbibigay ito ng dagdag hanapbuhay sa mga mamamayang naninirahan malapit dito. Isa sa mga ipinangako ko sa papelita ang pagtataguyod ng turismo bilang major economic driver ng lalawigan na lilikha ng mga trabaho at magbibigay ng dagdag kita sa mamamayan"*, ayon sa Gobernador. (PIO Calapan)

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 13 Feb. 06, 2023 - Feb. 12, 2023

ELEVEN-ELEVEN MINI MART

NAUTICAL HIGHWAY SAPUL , CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO

# *Marriage Week Celebration 2023*

NAGSIMULA SA ISANG MOTORCADE ang isinagawang Kick-off ng Marriage Week Celebration noong Pebrero 7. Nasa may 25 magkasintahan ang nagpakasal noong sumunod na linggo bilang culminating activity ng naturang pagdiriwang. Hango ang selebrasyon sa Provincial Ordinance No. 141-2022 kung saan si Board Member Farrah Faye C. Ilano ang pangunahing may akda.

Sa kanyang mensahe, binati niya ang mga magkasintahang nalalapit nang ikasal. Aniya, ang pagpapakasal ay biyaya ng Diyos na hindi dapat balewalain sapagkat higit pa itong magpapatibay sa kanilang pagsasama at pagbuo ng isang maayos na pamilya.

Kabilang sina Provincial Administrator Hubbert Christopher Dolor, PSWDO Zarah C. Magboo at Rev. Stephen Saab sa mga katuwang sa nasabing gawain at nagbigay rin ng mga mensahe at paalala sa mga nalalapit nang ikasal.

Nagpatuloy naman ang programa sa pamamagitan ng symposium na nilahukan ng mga mag-aaral mula sa mga kolehiyo at unibersidad sa lalawigan. Napiling tagapagsalita at tagapagpadaloy ng panayam ang mag-asawang Dr. Francis Daytec at kanyang maybahay na si Leah na isang midwife. Ibinahagi nila ang kanilang karanasan sa buhay may asawa at kung paanong patuloy nilang pinipili ang ang isa't isa sa kabila ng mga pagsubok sa kanilang pagsasama. Mahalaga rin anila ang matibay na pananampalataya sa Diyos upang maging matagumpay ang buhay na kanilang pinili kasama ang isa't isa.

Sa darating na Pebrero 19 isasagawa ang pag-iisang dibdib ng mga magkakasintahan na gaganapin sa Oriental Mindoro Heritage Museum (OMHM), Lungsod ng Calapan. (PIO Calapan)





